# MGA PANAHON NG PAGBABAGO

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

By: Fr.Alex Balatbat

Setyembre 21, 2024

Sina Elias at Eliseo ay mga tanyag na propeta sa Israel. Ang ibig sabihin ng Elias "si Yaweh ang aking Diyos" samantalang ang Eliseo ay "si Yaweh ang aking kaligtasan." Ang kahulugan ng dalawa ay nasa konteksto ng pangako ni Yaweh sa mga tao. Sa tagubilin ng Panginoon, pinahiran niya ng langis si Eliseo bilang propetang hahalili sa kanya, (1 Hari:19:16-21). Sinunod ni Elias ang tinig ng tunay na pinuno, ang Diyos Ama. Ito ay totoo kung magkakaroon ng pagbabago sa pamunuan – ang sinumang hahalili ay dapat sumunod sa puso at misyon ng pinuno.



**1.Ang herarkiya *(hierarchy*) ng pamunuan ay dumadaloy mula sa Diyos.**

1.1. Pinahiran ni Elias si Eliseo sa pamamagitan ng pagsuklob niya ng kanyang balabal. Ito ay banal na gawa, tulad ng sinabi ng Diyos, "pahiran mo si Eliseo bilang propetang hahalili sa iyo" (1 Hari 19:16-19).

1.2. Tulad din nito, anuman ang mangyari sa komunidad ay kalooban ng Diyos. Dagdag pa nito, para marinig ang tinig ng Diyos, mahalaga ang pananalangin. Magdamag na nanalangin si Hesus bago nagpasyang tawagin ang labindalawang alagad.

1.3. Magpapatuloy na matatag ang anumang komunidad kung ito ay mananatiling naka-ugat at sumusunod sa Diyos; ang Kanyang puso ay laging naka-pokus sa relasyon Niya sa mga tao. Kaya, ang tunay na lider na punong-punong ng biyaya mula sa Diyos ay makapagbibigay din ng biyaya sa mga tao.

2.Ang pinuno at ang hahalili ay dapat parehong sumusunod sa puso ng Diyos.

2.1 Nangako si Elias na protektahan niya ang magandang relasyon ni Yaweh sa mga tao – "Ako ang magiging Diyos ninyo at kayo ay aking ililigtas," (Exo. 6:7).

2.2. Noong panahong aalis na siya, alam ni Elias na si Eliseo ang hahalili sa kanya. Tuloy-tuloy na paghuhubog ang ginawa ng guro sa kanyang estudyante habang sila ay sabay na naglalakbay.

2.3. Nababasa ni Eliseo ang laman ng puso ni Elias.

2.3.1. Pinag-aaralan niyang mabuti ang bawat galaw ng propeta at pinapakiramdaman niyang mabuti ang kanyang kaluluwa.

2.3.2. Nakita ni Eliseo ang tapang ni Elias noong kinalaban niya ang apat na daan at limampung huwad na propeta ni Baal sa Bundok Carmelo.

2.3.3. Natunghayan din ni Eliseo ang takot ni Elias kay Reyna Jezebel noong nagtago siya sa yungib ng Bundok Horeb at nanalanging sana mamatay na siya (1Hari 19:4).

2.4. Humingi si Eliseo kay Elias ng"dalawang bahagi ng kanyang kapangyarihan" (2Hari2:9-10). Hiningi niya ang biyayang ito upang magampanan ang kanyang misyon at responsibilidad. Natanggap ni Eliseo ang dalawang bahagi, at nakagawa siya ng mga himala sa Israel (pagpapagaling ng may sakit, pagpapakain ng mga nagugutom, pagpuno ng langis sa mga sisidlan ng balo…). Kaya, ang espiritu ni Elias ay nanatiling buhay kay Eliseo.

2.5. Kung ang komunidad ngayon ay magkakaroon ng pagbabago sa pamunuan, ang susunod na lider ay dapat tapat sa propetikong mensaheng bigay ng Diyos sa naunang lider. Alam dapat ng humalili ang puso ng lider, na laging sumusunod sa puso ng Diyos. Hindi maka-gagabay ang lider kung ang puso ay taliwas sa puso ng Diyos.

**Konklusyon:**

Ang presensya ng Diyos ay dapat naka-ugat sa ating puso. Makinig tayo sa Diyos, hindi sa ating sarili. Dapat sama-sama tayong maglakbay, sama-sama tayong making, at maging sensitibo sa pangangailangan ng kapwa.

**Pagninilay:**

1.Ano ang sinasabi ng Diyos sa iyo ngayon? Nasa puso mo ba Siya?

2. Kumusta ka sa iyong ministeryo? Anong mga katangian ni Eliseo ang dapat mong mapalago?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pagbabago, #Pamunuan